



1

NATALIE

“Miss, saan ka nga papunta?”

I shot a dirty look at the cab driver through the rearview mirror. Pambihira! Kanina ko pa sinabi sa kanya na ihatid ako sa *Remix Bar*. Bingengot ba ‘to?

“Manong, sinabi ko na ho sa inyo, sa *Remix Bar*. Sa Makati ho ‘yun! Ano ho bang parte ng *Remix Bar* ang hindi n’yo maintindihan nang maeksplika ko ho? Eh kung hindi n’yo naman pala alam ‘yung lugar, sana sinabi n’yo ho kanina pa, para nakahanap ako ng ibang taxi.” Kandairap ako. Mas lalo ko pang ikinainis ang nakita kong malisyoso niyang tingin mula sa salamin.

Ugh! Kung hindi ka ba naman kasi sira, Natalie! Bakit ka nagsuot ng pagkaikli-ikling damit? Alam mo naman na hindi mo forte ang pagpapa-sexy!

But I need to do this. Hindi magtatagumpay ang misyon ko kung hindi ako mag-e-effort. Ngayong gabi ko lang naman gagawin ito. Pag nakuha ko na ang gusto ko, balik na naman ako sa pagiging *Manang Natalie* ko.

I sighed.

Oo, manang talaga ‘ko kung pumorma. Not in the sense na puro saya ang suot pero conservative ako. ‘Tka nga nila, dalagang Pilipina! Ni hindi ko nga magawang magsuot ng masikip na jeans eh. Not that I do not have the body because I do! I swear, I do! Kaya nga hindi magkamayaw itong matandang hukluban na driver na ‘to sa kasisilip sa legs ko. Napairap na naman ako at ipinatong

ko sa kandungan ko ang maliit na purse na hiniram ko pa sa best friend kong si Libby. Halos wala rin namang natakpan sa legs ko pero maigi na 'to, kaysa wala.

Anyway, back to the topic. May katawan naman talaga 'ko. Hindi ko lang ugali na ipangalandakan 'yun. Mas komportable akong magsuot ng baggy jeans. Lalo na't sa propesyon ko, hindi mo naman kailangan na maging maganda o sexy. Basta maganda ang gawa mo, okay na. Kiber kung mukha akong mabaho at marungis. Di ba ganun naman kadalasan ang mga artists? Mga eccentric?

Nabanggit ko na rin lang naman, oo, isa kong artist. To be exact, pintor ako.

Hindi nga lang ako bigtime. SA NGAYON. Dahil naniniwala akong balang araw, sisikat din ako. Hindi pa nga lang sa ngayon.

Napailing ako at nag-concentrate na lang sa pagtingin sa daan na tinatahak ng taxi na sinasakyan ko.

So, now maybe you're asking kung ano'ng misyon ko? Na artist naman pala 'ko, pero bakit ako nakaayos na parang bayarang babae? Mamaya malalaman n'yo pag nakarating tayo sa bar na sinasabi ko. I crossed my fingers and prayed that I would see him there. Kundi, malamang extended ang Natalie, bimbo version.

Mayamaya ay natanaw ko na ang bar na pupuntahan ko. Inihinto ni manong driver ang taxi halos sa tapat niyon. Nagbayad lang ako at agad nang bumaba. Hindi pa 'ko nakakalayo ay narinig kong sinipulan ako ng bastos na mama.

Aba't—! Nakakapikon na talaga!

Hindi ako sanay na binabastos ako. Mas sanay ako na ilag ang mga lalaki sa 'kin, o mga lalaki lang ba? Fine! Pati mga babae. Dahil may pagka-weirdo nga ako, iniiwasan nila ako. Kung hindi naman ay umaakto sila na parang hindi ako nakikita o nag-e-exist sa mundong ibabaw.

First time kong mapansin. Pero kung ang ibig sabihin ng “mapansin” ay mabastos at pagnasahan ng hukluban na ito ay di bale na! Mas gugustuhin ko pa’ng maging invisible na lang habambuhay!

Nakakita ako ng malaking bato sa gilid ng daan at kaagad na dinampot ‘yun. Pagkatapos ay binalikan ko ang bastos na taxi driver at inamba sa kanya ang hawak ko. “Ang tanda n’yo na ho, nagagawa n’yo pang mambastos!” Nakita kong dali-dali niyang pinasibad ang taxi. “Maghanap ho kayo ng ibang babastusin n’yo!” pahabol ko habang papalayo siya.

Buwisit na ‘yun! Hinagis ko ang bato sa kung saan saka ko inayos ang bahagyang nagulong buhok.

Ugh! Nakakaasar talaga!

Nagmartsa na ako papasok ng bar. Nakakainis kasi mukhang mga sosyal talaga ‘yung mga tao sa loob. Naiilang ako. Pakiramdam ko ibang-iba ako sa kanila. Pakiramdam ko they can all see right through me at nakikita nilang hindi ako nababagay sa mundo nila.

I shook my head in disgust. *Ano ka ba naman, Natalie? Hindi ‘to oras para mag-isip ka ng ganyan. Focus, okay? Isa lang ang pakay mo sa lugar na ‘to. Si Caleb Damien Yung. Wala ka nang ibang iisipin kundi siya lang. Okay? Focus!*

And so I made my way to the bar.

Agad na hinanap ng mga mata ko ang taong pakay ko. Kung hindi lang super reliable ang nagchuchu sa ‘kin ng whereabouts ng Caleb na ‘yun, hindi ako maglalakas-loob na dito siya hanapin. Pero dahil nga may tiwala ako sa aking asset, heto na ‘ko.

Sa sobrang daming tao dito ay hindi ko talaga siya mahahanap. Pumikit ako nang mariin at pilit na inalala sa isip ko ang hitsura niya. He has brown, unruly hair, brown, expressive eyes, eyebrows that seem to be always in one line, a proud nose, and thin, luscious lips. HmMMM. He was good-looking all right. Pero halos lahat

naman yata ng tao sa lugar na ito ay masasabi kong good-looking. I tsked as I tried to commit his face to memory.

Hindi ko alam kung sadyang nagpapatawa ang tadhana pero nang sandaling magmulat ako ng mga mata ay ang mukha niya ang una kong nakita. He was sitting alone in one corner, a bottle of alcohol in one hand and a shot glass in another.

I gulped.

Anak ng pusit, mas gwapo pala siya sa personal?

Nakaramdam ako ng pangangatog ng binti nang makita ko siya.

Oo, mas gwapo siya sa personal pero hindi lang 'yun. He looked more intimidating in person. Not because he looked masungit, pero every inch of him oozed with sex appeal and, well, screamed MONEY. Kinabahan ako. Kaya ko ba talaga? Magagawa ko ba?

Huminga ako nang malalim. Hindi ito ang oras para kabahan ako. Hindi pwedeng ngayon pa 'ko mag-back out dahil kaunti lang ang oras na meron ako.

Agad akong naglakad papalapit sa kanya. Sakto namang napalingon siya sa direksyon ko and, seeing that I was looking at him, his eyebrows rose. Bigla akong lalong kinabahan.

Oh shit! Oh shit! Di 'ko kaya!

Imbis na dumerecho sa kanya ay umiba ako ng direksyon at nagpunta sa pinakadulo ng bar.

I gripped the bartop's edge and immediately sat down on the stool.

Natalie naman! Umayos ka! Naduwag ka naman agad? Para sa'n pa't nag-effort kang magdamit ng ganyan kung mag-iinarte ka? Get a grip, please?

Kinawayan ko 'yung bartender. O-order na muna ako ng alak. Sabi kasi nila, pag nakainom ka, nawawala 'yung inhibitions mo.

Nagiging mas makapal ang mukha mo at nagiging malakas ang loob mo.

Okay, I need this right now.

Actually, hindi ko naman first time na uminom. Nakatikim na din ako ng beer pero kaunti lang, kapag trip lang ng best friend kong si Libby. ‘Yun ay pag sawa na siya sa pakikipagsosyalan sa mundo ng modeling. Bumabalik siya sa ‘kin para ipaalala sa sarili niya kung sino talaga siya. Anyway, wala ako rito para isipin ang best friend kong model. Nandito ako para sa isang misyon na magpapabalik sa normal kong buhay.

I tried to compose myself as the bartender came towards me. Kailangan kong umakto na parang matagal na akong dumadayo sa ganitong lugar kahit pa sa loob-loob ko ay ilang na ilang ako.

“Drinks, my lady?” nakangiting bati sa ‘kin ng matipunong bartender.

Oh la la! Ang pogi naman niya! Kamuntikan pang mahulog ang panga ko nang sipatin ko ang simpatiko niyang mukha. May hawig siya d’un sa bida sa pelikulang *The Vow* at *Magic Mike*. Shucks! Kasing-sexy din kaya ng kay Channing Tatum ang puwit niya?

Namula ang pisngi ko sa sarili kong naisip.

At sa labat talaga ng parte ng katawan ay ang puwitan pa ni Channing Tatum ang naisip mo? Magtigil ka nga! Akala ko ba Maria Clara ang peg mo?

“Miss?” untag ni Channing Tatum kalokalike.

“Ah eh—” Hala? Ano nga ba’ng dapat ko i-order? Hindi naman ako na-brief ni Libby sa mga ino-order ng mga sosyal na tao dito at parang ‘di naman uso ang beer ditey? Napalingon ako sa mga babaeng nakaupo di kalayuan sa ‘kin. Tamang-tama naman na may alak silang hawak.

“Uhh... ‘Yun! Gusto ko ‘yung ininom nila. Bigyan mo ko n’un!”

turo ko d'un sa hawak ng isang babae.

Muling ngumiti si Channing Tatum kalokalike na parang imbis na mawirduhan ay natuwa pa sa 'kin. "It's tequila, Miss. Are you sure that's what you want? You might wanna go a bit slow. You seem like you're new here. Ngayon lang kita nakita."

Hindi ko alam kung dapat na ba akong kiligin sa pagiging sweet niya o baliwalain ko lang dahil sabi nga ni Libby, ang mga taong naglalagi sa bar ay sadyang malalantod at mahilig makipag-flirt. Kaya nginitian ko na lang siya at tumango ako. Hmmm... Ganoon pala ang itsura ng tequila! Narinig ko na 'yung alak na 'yun. Hindi ko pa nga lang nasubukan dahil nga pang-beer lang ako.

Mayamaya ay sinerve na sa 'kin ni CTK (Channing Tatum Kalokalike) 'yung tequila. He again flashed me a *'makalaglag-panty smile'* saka nagmamadaling umalis na. Napakibit-balikat na lang ako at binalingan ang inumin ko.

Teka, bakit ganun? May asin pa sa paligid ng baso tapos may slice ng malaking calamansi, I mean, lime? Tama di ba? Lime ang tawag dito? Ew. Pinahid ko ang daliri ko sa paligid ng baso para matanggal 'yung asin. Ano ba 'yan? Ganito ba talaga i-serve 'tong drink na 'to? Ang weird. Alam kong dekorasyon ang lime pero 'yung asin? Hindi ako informed na may gan'ung pautot, ha?

I brought the glass to my lips and took a tentative sip.

Muntikan ko nang maibuga ang laman ng bibig ko. Grabe! Ang sama ng lasa! Sobrang tapang!

Napansin kong papalapit sa 'kin si CTK kaya inayos kong muli ang sarili ko. He has this concerned look on his face. "Are you okay, Miss?" Sa lahat ba ng babaeng costumer, ganito siya ka attentive? O sa 'kin lang?

Wow, feelingera! Ganda mo, ha?

"Ampanget pala ng lasa," reklamo ko at iniusog pabalik sa

kanya ang baso ng tequila.

Natawa siya sa reaksyon ko. “I knew it was your first time! Pardon me for being inconsiderate.”

“Hindi ko first time, ‘no! Naka-try na ‘ko ng beer!”

Tumawa siya ulit, at sa pagkakataong ito, isa ‘yung malutong na halakhak na. “Then you should have ordered a beer. Available naman ‘yun dito.”

“No,” mabilis kong pagtutol. “I need something stronger.”

“Oh? Let me guess? Broken-hearted?” He smirked when he saw me pout. Tumango siya at tumalikod saglit bago inilapit sa ‘kin ang isang panibagong alak. “Here. It’s called a Lemon Drop, kung ayaw mo ng beer. You still need something a bit tamer than tequila.”

Napangiti na ‘ko. Ang bait niya talaga. Crush ko na yata siya. “Thank you ha?”

“Anytime.” He smiled yet again.

Paalis na siya nang tawagin ko ulit ang atensyon niya. “Kuya, kamukha mo si Channing Tatum!” I said, winking and giving him a thumbs up sign which I didn’t even know what for.

With that, he laughed out loud, revealing a set of straight white teeth and a dimple on his right cheek. “You’re funny. Enjoy your drink.”

Napangiti ako sa sarili ko. Huwaw! First time ko na makipag-usap ng gan’un sa isang lalaki, maliban sa best friend/boyfriend ko na si Axel—Ooops, let me correct myself, ex-boyfriend!

I sighed. Nakipag-break siya sa ‘kin dahil sa isang babaeng nanggangalang Heather. Kung maka-first name basis naman ako, kala mo close, ‘no? Pero hindi. Hindi ko pa nakikita sa personal ang babaeng ‘yun pero marami na ‘kong alam tungkol sa kanya. Alam kong isa siyang international supermodel, tagapagmana ng isang prominenteng pamilya at ex-fiancée ni Caleb Damien Yung.

Naikuyom ko ang kamao ko sa paligid ng baso ng alak. Kung hindi dahil sa kagagawan ng Caleb na 'yan, hindi makikilala ng Axel ko ang Heather na 'yun! Kung hindi dahil sa kanya, hindi magkaka-in love-an ang dalawa at higit sa lahat, hindi ako iiwan ni Axel.

Huminga ako nang malalim.

Napag-alaman kong sinet up ni Caleb ang dalawa para hindi niya mapakasalan si Heather. Nakakagigil! Gusto niyang lusutan ang sarili niyang problema at the expense of others?! Anong klaseng lalaki siya? Ngayon pa lang, kahit hindi ko pa siya personal na kilala ay kinamumuhian ko na siya!

At sa dinami-rami naman ng lalaki, bakit jowa ko pa ang napagdiskitahan niya? Bakit ako pa ang napili niyang agawan ng boyfriend, samantalang marami namang iba diyan na maganda at madaling mapapalitan ang jowa nila? Bakit ako, na bukod sa hindi na nga kagandahan, weirdo pa, at hirap na hirap makahanap ng jojowain?

God, he was so cruel! Dahil sa ginawa ng Caleb na 'yun, nawala ang isa sa pinakaimportanteng tao sa buhay ko. Pero dahil ako si Natalie Gifford, na kailanman ay hindi magpapatalo at magpapagoyo, babawiin ko ang akin.

Ginamit niya 'ko para makalusot sa kasal niya. Pwes, gagamitin ko naman siya para mabawi ang dapat na sa akin. In fairness, ang lakas maka-telenovela ng drama ko, ha? Dinampot ko ang baso ng alak at inisang lagok iyon...

A few minutes later...

Nakailang baso na ako ng Lemon Drop. In fairness, ang sarap nito, parang hindi alak! Unti-unti na akong nalalasing at unti-unti ko na ring nararamdaman na lumalakas ang loob ko.

Imagine? Kanina sampung upuan ang pagitan namin ni Caleb. Ngayon, five na lang! Lima na lang! Oh yesssh!

Muli kong tinapunan ng tingin si Caleb Damien Yung. Wow! Bakit parang papogi nang papogi ang dating niya sa 'kin? He was still quietly sitting there and sipping his drink. I watched as he slowly brought the shot glass to his lips. I swallowed. Was it just me or naisip ko na sana ako na lang 'yung shot glass? Para sana dumampi din sa 'kin ang mga labi niya.

Ano kaya'ng lasa ng bibig niya? Siguro mas masarap dahil sa alak? O mas masarap 'yung alak dahil nasa bibig niya?

Oh, my gosh! Kumusta naman 'yung kalandian ko di ba? Kailan pa ako naging ganito? Samantalang dati ni hindi ako nakapag-isip nang gan'un kay Axel! May kasama bang aphrodisiac ang alak na ibinigay sa 'kin n'ung gwapong bartender?

Or maybe it was just Caleb and his hot-as-hell way of drinking alcohol? He was so sexy... and hot... and... Naipilig ko ang ulo ko. He looked like he was the kind of guy who was always up for a good time. Tamang-tama pala ang get-up ko. Kailangang gamitin ko na ang karisma na sinasabi ni Libby na taglay ko para maakit si Caleb. At pag nakuha ko na ang atensyon niya, saka ko siya paaaminin ng kasalanan niya at presto!

Magagamit ko na 'yun na pang-blackmail sa kanya!

Am I brilliant or what?

Shit! Tingin ko may tama na ako.

Dinukot ko ang mini recorder na binili ko kahapon. Sobrang mahal pala nito! Waley na nga 'kong datung ginastos ko pa para makabili nito. Di bale na. Para naman 'to sa pinakamamahal kong si Axel! Mientras mamulubi ako, basta and'yan siya sa tabi ko, masaya 'ko. Ika nga nila, love will keep us alive!

In-on ko na ang aparato at isinuksok sa loob ng damit ko. Sa may bandang dibdib. Maliit naman kasi siya at parang MP3 player lang kaya 'di mapapansin unless titigan ng kung sino ang boobs ko. Na ngayon ay sadyang nagmumura sa laki dahil sa push-up bra na

ipinasuot ni Libby sa 'kin. Dammit!

Dinukot kong muli ang aparato at iaayos iyong maigi para hindi mahalata. Napansin kong nakatitig ang isang lalaki sa ginagawa ko kaya inangilan ko siya. Bastos na 'yun!

Pagkatapos kong masiguro na hindi na mahahalata ang recorder ay dinampot ko ang pang—never mind. Hindi ko na matandaan kung pang-ilang baso ko na iyon ng Lemon Drop at inisang lagok ko iyon. Pagkatapos ay tumayo na ako at lumapit sa kinauupuan ni Caleb.

Hindi ko alam kung ano ba'ng tamang approach ng isang babae sa ganitong sitwasyon so I settled with, "Hi."

Agad naman niya akong nilingon. Ay por Dyos por santo! Kamuntik pa akong mapaantanda! He had the most captivating eyes I have ever seen. I don't even know how to describe them without sounding like a poetic loon. Basta ang napuna ko lang nang mga panahon na iyon ay kung paano bumaon sa pagkatao ko ang titig niya, at kung bakit sa di maipaliwanag na dahilan ay parang may nagsa-sparkle na parang ginto doon. Wow...

"Yes?" untag niya sa akin.

"H—Ha?" Parang namamalikmata na napakurap-kurap ako. Ako lang ba o sadyang may mapang-akit na tono ang boses niya? It actually made the hair at the nape of my neck stand on end. "A—Ah eh..." Shit! I really couldn't find the right words to say! Natameme ako sa kagandahang lalaki niya!

Marahil nainip siya sa pagtayo ko doon na parang tanga kaya muli na siyang nagbaling ng paningin.

Palpak! Ugh! Inutil ka, Natalie! Naroon na ang pagkakataon, pinalampas mo pa! inis kong pinagalitan ang sarili ko. Pero hindi ako susuko! Ako pa? Kahit ano'ng mangyari, hindi susuko si Natalie Gifford!

Atubili akong naupo sa tabi niya. Tamang-tama naman na

nakamasid sa amin sa di kalayuan si Channing Tatum kalokalike. He had this amused look on his face while watching us. I caught his eye and ordered another glass of Lemon Drop. I didn't know if that was a good idea, but what the heck! I needed some liquid courage, right freakin' now!

"Uhh... Hello?" I tried getting his attention again. Pero sadya yatang na turn-off na sa 'kin si Caleb kaya hindi na niya 'ko muling nilingon. Nanatili lang siyang nakatingin sa malayo at pinapaikot ang baso niya ng alak.

Ano ba naman 'to? Suplado sa personal?

Inilapag ni CTK 'yung alak sa harapan ko. Dinampot ko iyon at ini-straight. Napansin kong medyo nagiging light-headed na ang pakiramdam ko at bawat pilig ko ng ulo ay parang may humahalukay sa tiyan ko. Napaparami na 'ko ng inom pero kulang pa rin ang naipon kong lakas ng loob. Umorder ako ng isa pang round kay CTK, saka ko binalingan si Caleb. "Hi! Ako nga pala si Diane!" magiliw kong sabi. Siyempre naman hindi ko ibinigay ang tunay kong pangalan. Ano ako, sira?

Naghintay ako ng reaksiyon mula sa kanya pero wala. Tss. Sungit talaga!

"Mag-isa ka lang ba?" No reaction pa din. Teka? Baka hindi siya nakakaintindi ng Tagalog? In-English ko nga, "Are you alone?"

Wala pa din. 'Yung totoo? Bingi ba siya o pipi?

Wait, baka Chinese lang ang naiintindihan niya? He was half-Chinese, according to my research, after all. So again, I tried, "Ni hao ma!" O Japanese kaya? "Arigatou!" Ooops, thank you 'ata ang ibig sabihin n'un? Mali. Mali.

Sinubukan kong mag-Bisaya at mag-Ilokano pero sadyang di niya pa rin ako pinapansin. Pinagmumukha ko nang tanga ang sarili ko at nawawalan na talaga 'ko ng pag-asa! Uminom akong muli ng alak. Baka matulungan akong mag-isip nito.

Nawala na sa isip ko na baka wala naman na 'kong pera pambayad sa mga nainom ko. Sige lang kasi sa pag-serve ng alak itong bartender na 'to na kamuka ni... Ni... Sino nga ba 'yun?

Ah, never mind!

Tumingin ako ulit kay Caleb. Parang di na siya mapakali sa kinauupuan niya.

Ano ba'ng gagawin ko para lang mapansin mo 'ko? Kailangan kong makuha ang impormasyon sa 'yo! Kailangan kita para tulungan akong mabawi si Axel ko!

"Ano ba?! Pansinin mo naman ako!" I cried helplessly. "Sige na. Kung gusto mo rape-in mo na 'ko! Ibibigay ko sa 'yo ang katawan ko, just please, pansinin mo ako!"

Hindi ko alam kung bakit lumabas sa bibig ko ang mga salitang 'yun pero huli na para bawiin ko pa. Besides, mukhang naging effective naman dahil agad siyang napatingin sa 'kin.

His brown eyes pierced me and I couldn't help but sigh dreamily. Definitely, hindi ko babawiin ang sinabi ko. Kung ganito ba naman kagwapo, eh di sige, magpapa-rape na 'ko! Choosy pa ba? "Rape me! Rape me, please?" I looked up at him at ibinuka ang mga braso ko na parang piniprisinta ang sarili ko. "I wanna make love with you tonight!"

"What the heck are you saying?" He looked at me with disgust.

I gulped audibly. Uh-oh.